# May dalawang uri ng mga maninirahan sa Impiyerno, na hindi ko nakita: mga taong mayroong mga latigong gaya ng mga buntot ng mga baka, na ipinamamalo nila sa mga tao; at mga babaing nakadamit na nakahubad, na mga nagpapakiling, na mga kumikiling,

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "May dalawang uri ng mga maninirahan sa Impiyerno, na hindi ko nakita: mga taong mayroong mga latigong gaya ng mga buntot ng mga baka, na ipinamamalo nila sa mga tao; at mga babaing nakadamit na nakahubad, na mga nagpapakiling, na mga kumikiling, na ang mga ulo nila ay gaya ng mga nakakiling na mga umbok ng mga kamelyong Baktriyano. Hindi sila papasok sa Paraiso. Hindi sila makaaamoy ng halimuyak nito, kahit pa ang halimuyak nito ay talagang naaamoy mula sa layong ganito at ganito."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nagbibigay-babala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa dalawang uri ng mga tao kabilang sa mga maninirahan sa Impiyerno, na hindi niya nakita at hindi natagpuan sa panahon niya, bagkus lilitaw sila matapos niya. Ang Unang Uri: Mga taong mayroong mga latigong gaya ng mga buntot ng mga baka, na mahahaba, na ipinamamalo nila sa mga tao. Sila ang mga pulis at ang mga katulong ng mga tagalabag sa katarungan na mga namamalo ng mga tao nang walang katwiran. Ang Ikalawang Uri: Mga babaing naghubad ng kasuutan ng kabinihan at pagkahiya, na isinanaturalesa rito ang babae sa nakahiratian. Ang paglalarawan sa kanila: mga nakadamit, na sa totoo ay mga nakahubad sa kahulugan, ay dahil sila ay nagsusuot ng mga damit na maninipis na naaaninag ang kutis at nagtatakip sa isang bahagi ng katawan nila at naglalantad ng isang bahagi nito bilang pagpapalitaw ng karikitan, na mga nagpapakiling sa mga puso ng mga lalaki papunta sa kanila dahil sa pagdadamit nila at pagmamagilas nila sa paglalakad, na mga nagpapakiling ng mga balikat nila at nagpapakiling sa iba sa kanila tungo sa pagkalihis at pagliko na mga nagaganap dito. Kabilang sa mga katangian nila: ang mga ulo nila ay tulad ng mga nakakiling na umbok ng kamelyo sapagkat sila ay nagpapapintog ng sukat ng mga ulo nila at nagpapalaki ng mga ito sa pamamagitan ng pagbalot ng bufanda (scarf) at tulad nito. Ang pagwawangis sa mga umbok ng mga kamelyong Baktriyano ay dahil lamang sa pagkakaangat ng buhok nila at mga tirintas nila sa ibabaw ng mga ulo nila at pagkakapira-piraso ng mga ito dahil sa pagtirintas nila hanggang sa kumiling sa isa sa mga dako ng ulo

gaya ng pagkiling ng umbok ng kamelyo. Ang sinumang nasa mga pagkakalarawang ito, sa kanila ang matinding bantang ito na hindi sila makapasok sa Paraiso, hindi sila makaamoy ng halimuyak nito, at hindi sila makalapit doon. Ang halimuyak ng Paraiso ay naaamoy at nasasamyo mula sa isang malayong distansiya.

https://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/8903

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee